# Mga Bagong Pamantayan sa Kahusayan:
## Ano ang Kailangang Malaman ng mga Pamilya

### Ano ang ibig sabihin ng "mahusay" o proficient?

Ang pagiging mahusay ay nangangahulugang ang inyong anak ay nasa tamang landas sa kanilang pagkatuto.

Tuwing tagsibol, ang mga mag-aaral sa Illinois ay sumasailalim sa mga itinakdang pagsusulit:

- Illinois Assessment of Readiness (IAR)
- PreACT or ACT
- Illinois Science Assessment (ISA)

Ang mga antas ng pagganap [performance level] ay ang mga hanay ng marka na naghahati sa buong ispektrum ng pagganap sa pang-estadong pagtatasa sa iba't ibang kategorya. Ang bawat estado ay nagpapasya kung ilang antas ang mayroon, ng mga takdang marka [cut score] na naghihiwalay sa bawat antas, at kung aling mga antas ang maituturing na "mahusay." Ang pamantayan sa kahusayan [proficiency benchmark] ay ang markang kailangang maabot ng isang mag-aaral sa pang-estadong pagtatasa upang maituring na nasa tamang landas sa kanilang pagkatuto para sa kanilang antas ng baitang.

### Bagong Pinag-isang Antas ng Pagganap para sa Lahat ng Pagsusulit ng Estado.

Pamantayan sa Kahusayan

Takdang Marka | Takdang Marka | Takdang Marka

| Hindi pa Mahusay | Papunta sa Kahusayan | Mahusay | Higit sa Mahusay |
|---|---|---|---|

### Bakit mahalaga ang kahusayan?

Ang pagkakaroon ng tumpak na datos tungkol sa pagganap ng mga mag-aaral ay mahalaga para sa:

**Pag-uulat**
Iniuulat ng estado kung ilang mag-aaral sa bawat paaralan ang nakakuha ng markang "mahusay" sa bawat pagsusulit. Ito ay tinatawag na proficiency rate. (Ipinapahayag ng Illinois ang mga proficiency rate sa Illinois Report Card.)

**Pananagutan**
Ginagamit ng estado ang proficiency rate bilang isa sa maraming sukatan upang matukoy kung aling mga paaralan ang nangangailangan ng karagdagang suporta at pondo.

**Paggawa ng Desisyon sa Lokal na Antas**
Ginagamit ng mga paaralan ang mga marka sa pang-estadong pagsusulit (kasama ng pagganap sa silid-aralan at mga resulta ng lokal na pagtatasa) upang magpasya kung ang isang mag-aaral ay dapat tumanggap ng karagdagang tulong, gaya ng tutoring o summer school, o mga pagkakataon para sa mas mabilis na pag-usad sa pag-aaral.

**Pagpapabuti ng Paaralan**
Ginagamit ng mga guro at punong-guro ang datos na ito upang mapabuti ang pagtuturo at pagkatuto para sa lahat ng mag-aaral.

ILLINOIS STATE BOARD OF EDUCATION
isbe.net
September 2025

## Ano ba ang problema sa mga lumang pamantayan sa kahusayan?

Sa loob ng maraming taon, ang datos mula sa pagtatasa ng Illinois ay nakapaghatid ng maling mensahe sa mga mag-aaral, pamilya, at mga tagapagturo. Ang mga proficiency rate sa mga pang-estadong pagtatasa ay hindi tumugma sa mga realidad sa silid-aralan at hindi umayon sa tunay na ekspektasyon para sa kahandaan sa kolehiyo at karera.

Ang Illinois ay nagkaroon ng pinakamahigpit na pamantayan sa buong bansa para sa matematika at sining sa wikang Ingles —ibig sabihin, maraming mag-aaral na magaling sa paaralan ay hindi naman "mahusay" sa mga pang-estadong pagtatasa.

Sa agham, napakababa naman ng itinakdang pamantayan, kaya't maraming mag-aaral ang lumabas na "mahusay" sa talaan, kahit na hindi pa nila lubos na naipapakita ang ganap na pagkatuto sa paksa.

## Bakit nakalilito iyon?

- Bawat pagsusulit ay nagkaroon ng magkakaibang bilang ng mga antas ng pagganap [performance level] na may magkakaibang katawagan para dito.
- Nakatanggap ang mga pamilya, mag-aaral, at guro ng hindi malinaw at magkakaibang mensahe tungkol sa pagganap ng mag-aaral at kung ang mga mag-aaral ba ay handa na para sa kolehiyo at karera.
- Ang mga antas ng pagganap ay hindi tumugma sa kung gaano kagaling ang mga mag-aaral sa klase at sa iba pang pinagkakatiwalaang palatandaan ng tagumpay ng mag-aaral.

### Halimbawa ng Tunay na Mag-aaral: **East St. Louis Senior High School**



- 4.0 GPA
- Anim na dual credit na kurso
- Palaging may trabaho tuwing tag-init
- May karanasan sa pag-aaral na nakabatay sa trabaho
- Higit sa 10 samahan [club] at mga aktibidad sa pamumuno
- Sining sa wikang Ingles: 500 *("hindi mahusay")*
- Matematika: 530 *("hindi mahusay")*

Ayon sa mga takdang marka [cut score] ng aming pagtatasa, sila ay *hindi mahusay* o hindi handa para sa kolehiyo. Kung naniwala sila sa amin, maaaring hindi sila nag-enroll sa mga kursong AP na iyon o sa kolehiyo.

**Sa kasalukuyan, ang mag-aaral na ito ay naka-enroll sa Southwestern Illinois College, na nagpapakita kung gaano hindi nagtutugma ang pamantayan sa kahusayan ng aming pagtatasa sa kung ano talaga ang kinakailangan upang makapasok at magtagumpay sa kolehiyo.**

| Ano ang binabago? | Ano ang HINDI binabago? |
|---|---|
| • **Mga bagong pamantayan sa kahusayan** na mas nagpapakita ng tunay na mga ekspektasyon para sa kahandaan sa kolehiyo at karera<br>• **Pinag-isang antas ng pagganap** sa lahat ng pagsusulit:<br>  • Higit sa Mahusay<br>  • Mahusay<br>  • Papunta sa Kahusayan<br>  • Hindi pa Mahusay | • Ang mismong mga pagsusulit<br>• Ang mga pamantayan ng estado sa pagkatuto (kung ano ang inaasahang malaman at magagawa ng mga mag-aaral) |

## Paano pinagpasyahan ng estado ang mga bagong pamantayan?

Maingat na isinagawa ng Illinois State Board of Education (ISBE) ang proseso upang matiyak ang tama at angkop na mga pagbabago. Nagsimula ito noong Marso 2024 at tumagal ng 18 buwan, na kinabibilangan ng:

- Patuloy na pagbibigay-alam ng ISBE sa mga paaralan at publiko ng bawat yugto ng proseso sa pamamagitan ng regular na mga update sa email, pampublikong update sa website nito, at mga
- Pagkalap ng opinyon o input sa mahigit isang dosenang pampublikong pagtitipon.
- Maramihang pagkakataon para sa pampublikong komento.
- Paglahok ng mahigit 200 tagapagturo at eksperto sa nilalaman mula sa Illinois upang tumulong na tukuyin kung ano ang dapat maging anyo ng kahusayan [proficiency] at kung anong marka sa bawat pagsusulit ang pinakamainam na tumutugma sa mga ekspektasyong iyon.

Ang proseso ng pagbuo ng mga bagong antas ng pagganap ay pinangunahan ng mga tagapagturo at pinagtibay ng mga panlabas na eksperto. Ang North Star ng ISBE sa buong pagsisikap ay ang pagtugma ng mga pamantayan sa kahusayan sa tunay na mga ekspektasyon para sa kolehiyo at karera: mga marka ng ACT na kinakailangan para sa mga mag-aaral na makapasok sa kolehiyo, makapasa sa mga kurso sa kolehiyo, at magtagumpay sa trabaho.

## Kailan ko makukuha ang marka ng aking anak?

Matatanggap ninyo ang Individual Score Report ng inyong anak para sa anumang pang-estadong pagsusulit na kanilang kinuha noong tagsibol ng 2025 sa pamamagitan ng inyong paaralan ngayong taglagas. Kasama sa mga resultang ito ang marka ng inyong anak at ang antas ng pagganap (hal. mahusay), pati na rin ang Student Growth Percentile na magbibigay-daan upang maihambing ninyo ang pagganap ng inyong anak sa ibang mag-aaral at sa mga nakaraang taon.

## Paano ko bibigyang-kahulugan ang Student Growth Percentile?

Ang Student Growth Percentile (SGP) ay naglalarawan kung gaano kalaki ang naging pag-unlad ng isang mag-aaral kumpara sa kanilang mga kapwa mag-aaral na nagsimula sa parehong antas.

Ang SGP ay kumakatawan sa isang percentile – hindi isang porsyento. Ipinapakita nito kung paano, sa karaniwan, inihahambing ang pag-unlad ng inyong mag-aaral sa pag-unlad ng ibang mag-aaral. Hindi nito ipinapakita kung gaano kalaki ang kanilang pag-unlad – kundi kung ang kanilang pag-unlad ay mas mataas o mas mababa kaysa sa karaniwang antas ng estado, na laging nasa ika-50 percentile. Tulad ng kapag sinabi ng pedyatrisyan na ang inyong anak ay nasa ika-75 percentile para sa tangkad, ibig sabihin ay ang inyong anak ay mas matangkad kaysa sa 75% ng ibang batang kaedad niya.

## Saan ko makikita ang mga resulta ng paaralan, distrito, at estado?

Makikita ninyo ang proficiency rates ng paaralan, distrito, at ng estado sa Oktubre 30 sa website ng Illinois Report Card: **www.illinoisreportcard.com**

## Ano ang epekto ng mga bagong pamantayan sa mga proficiency rate?

Ipinapakita ng mga pagbabagong ito na ang dating mga pamantayan ay masyadong mataas sa Sining sa Wikang Ingles (ELA, akronim nito sa Ingles) at matematika, at masyadong mababa naman sa agham. Ang mga bagong numero ay nagbibigay ng mas tumpak na larawan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Hindi na natin maihahambing ang mga proficiency rate sa mga nakaraang taon, ngunit maaari pa rin ninyong subaybayan ang pag-unlad ng inyong anak sa pamamagitan ng paghahambing ng kanilang marka o ng kanilang Student Growth Percentile, dahil ang mga sukatang iyon ay hindi apektado ng mga bagong antas ng pagganap.

| | **2024 - porsyento ng lahat ng mag-aaral na mahusay** | **2025 - gamit ang bagong pamantayan, porsyento ng lahat ng mag-aaral na mahusay** |
|---|---|---|
| Agham | 53% | 45% |
| ELA | 41% | 53% |
| Matematika | 28% | 38% |

## Paano ko magagamit ang mga resulta ng pagsusulit ng aking anak upang suportahan ang kaniyang pagkatuto?

Maaari ninyong gamitin ang resulta ng pang-estadong pagsusulit kasabay ng mga report card, mga gawain sa klase, at puna mula sa guro upang maunawaan ang kalagayan ng inyong anak. Ang mga marka sa pagtatasa ay isa lamang bahagi ng kabuuang larawan. Kung ang inyong anak ay nakakuha ng markang "papunta sa kahusayan" [approaching proficient] o "hindi pa mahusay" [below proficient], makipag-usap sa kanilang guro tungkol sa kung paano ninyo masusuportahan ang kaniyang pag-aaral sa bahay o makakuha ng karagdagang tulong. Kung ang inyong anak ay nakakuha ng markang "mahusay" [proficient] o "higit sa mahusay" [above proficient], makipag-usap sa kanilang guro tungkol sa mga pagkakataon para sa mas mataas na antas ng pagkatuto o pinabilis na pag-aaral, upang matiyak na siya ay patuloy na nahahamon at umuunlad.

## Bakit maraming pagsusulit ang kinukuha ng aking anak?

Ang mga pang-estadong pagsusulit tulad ng IAR, ACT, at ISA ay kinakailangan sa ilalim ng batas pederal. Sinusukat ng mga ito kung ano ang natutunan ng inyong anak sa buong taon ng pag-aaral.

Ang iba pang pagsusulit na maaaring gawin ng inyong anak, gaya ng NWEA MAP o i-Ready, ay pinipili ng mga paaralan sa lokal na antas upang subaybayan ang pag-unlad sa loob ng taon at tulungan ang mga guro na iakma ang pagtuturo para sa mga indibidwal na mag-aaral.

## Makakapagtapos ba ang aking anak kung hindi siya umabot sa "mahusay"?

Hindi kinakailangang makakuha ng markang "mahusay" ang inyong anak upang makapagtapos. Ang mga pang-estadong kinakailangan para sa pagtatapos sa Illinois ay nakabatay sa pagkakaroon ng mga mag-aaral ng mga pasadong marka sa mga itinakdang kurso, at hindi sa mga marka sa pagsusulit. Ang inyong lokal na distrito ng paaralan ay maaaring may karagdagang mga kinakailangan para sa pagtatapos, gaya ng serbisyong pangkomunidad o karagdagang kurso. Maaari ninyong tingnan ang lahat ng pang-estadong kinakailangan para sa pagtatapos sa website ng ISBE.

## Paano ko mas matutunan ang tungkol sa mga pagbabagong ito?

I-click para matuto pa sa **www.isbe.net/feedback**.

